17-M MOTORSIKLO HINDI REHISTRADO, AYON SA LTO PAHINA 4

Publiko NEWS PUBLISHING
Impormasyon at Dokumentaryo
VOL.I NO.14 * NOBYEMBRE 13-19, 2023 * P20.00






# BILANG NG MAHIHIRAP TUMAAS PA!

**MAYNILA — Sa gitna ng pagpupunyagi ng pamahalaan na maresolba ang problema ng paghihirap, tumaas pa rin ang bilang ng mga Pilipinong naghihirap sa ating bansa.**

Batay sa second quarter survey ngayong taon na isinagawa ng research firm na Social Weather Stations (SWS), umaabot kalahati o 48 porsyento ng pamilyang Pinoy ang kinokonsidera ang sarili bilang mahirap. *(sundan sa pahina 3)*



**Hugot.** Alamin ang hugot ng aktres na si Jennica Garcia. *(buong artikulo sa Pahina 4)*

# PINOY BEER: HARI SA ASYA

NI TRACY CABRERA




SINGAPORE — Nagwagi ang beer o serbesang gawa dito sa Pilipinas bilang Champion Beer of Asia sa isinagawang Asia Beer Championship ngayong taon na nilahukan ng 640 entry mula sa mga top brewery sa buong Asya. *(sundan sa pahina 3)*

## TUMAAS ANG EMPLOYMENT RATE NG PILIPINAS

PAHINA 2

## SA KABILA NG 2 KNOCKDOWN, PINOY NAGWAGI BY TKO

PAHINA 4

## HONEY OUT, IMEE IN

PAHINA 2

# PAIGTINGIN ANG PAGPAPATROLYA SA WPS, HIRIT NG BFAR

PAHINA 2

EDITORIAL

# INUTIL ANG ASEAN

**SANG-AYON ang Center for Strategic & International Studies (CSIS) na habang nakakalamang ang China sa pangangamkam sa South China Sea (SCS) dahil na rin sa mas malakas nitong puwersang militar, sadyang nagwawagi ang Pilipinas sa larangan ng balitaktakan kaugnay ng pagmamay-ari sa ilang mgfa teritoryo sa rehiyon.**

**Sa pagtukoy sa ilang mga engkuwentrong kinasasangkutan ng mga barko ng dalawang bansa sa bisinidad ng Second Thomas Shoal na kung saan marami ng mga bansa ang nagbigay ng suporta sa Pilipinas, kinondena naman ang polisiya ng Beijing sa pinag-aagawang teritoryo kasabay ng paninindigan ng Maynila sa desisyon noong 2016 na pumabor sa ating bansa at inilabas ng international arbitrary court ng the United Nations Convention on the Law of the Sea (UNCLOS).**

Subalit sa gitna ng nagpapatuloy na territorial dispute, napatunayang ang Association of Southeast Asia Nations (ASEAN)—na inaasahang may boses sa usapin—ay sadyang 'inutil' para matugunan ang tumitinding tension sa SCS.

Ito ang tunay n asituwasyon, ayon sa mga geopolitical analyst, sa kabila ng stratehiya ng Pilipinas na isapubliko ang mga pag-aabuso ng mga Chinese militia.

Sinisi ni CSIS Asia Maritime Transparency Initiative associate director Harrison Pretat ang pagiging 'inutil' ng ASEAN sa kakulangan nitong makamit ang consensus ng kanilang mga miyembro para umakto ng nagkakaisa laban sa China.

Nang tanungin klung ano ang magagawa ng ASEAN laban sa panghihimasok ng China, pinunto ni Pretat na maaaring bumuo ang mga ASEAN member ng mga partnership at bumalangkas ng isang 'shared approach' para pangasiwaan ang mga dispute at kontrahin ang mga expansive policy ng Beijing.

Sinabi pa ng CSIS na ang stratehiya ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. na lumikom ng suporta sa posisyon nito sa SCS ay epektibong pamamaraan para labanan ang China.

Hinayag ng CSIS: "Sa ilalim ng administrasyon ni Pangulong Marcos Jr. at partikular sa simula ng taong 2023, pinapatupad ng Pilipinas ang bagong approach sa pamamagitan ng pagsasapubliko ng mga engkuwentro sa mga barko ng China, kabilang na ang pagpapalabas ng mga larawan at video ng mga insidenteng napapaulat.

Bukod dito, inimbitahan na rin ng pamahalaang Pilipinas ang international media para sumama sa mga pagpapatrolya sa SCS at idokumento ang lahat ng mga kaganapan o pangyayari dito.

Ang mga ito ay bahagi ng stratehiya para makakuha ang Pilipinas ng international support.

PAYASO

# HONEY OUT, IMEE IN

*The people who cast the votes don't decide an election, the people who count the votes do.*
**— Russian leader Joseph Vissarionovich Stalin**

MAYPAJO, Lungsod Kalookan – Kung tunay nga ang mga bali-balitang tatakbong alcalde ng lungsod ng Maynila si presidential sister at lady senator Maria Imelda Josefa Remedios 'Imee' Romualdez Marcos sa 2025aba'y nanganganib ang re-election para sa second term ni Manila mayor Dra. Maria Sheilah 'Honey' Lacuna-Pangan.

Para sa amin, tadhana ito. Naniniwala kaming panahaon na para bumaba si Honey at maungkulan naman si Imee para sa mas mainam na pangangasiwa sa ilalim ng mas mainam na administrasyon—isang larangan, sa aming pananaw, ang butihing anak ng ating mahal na dating vice mayor Danny ay nabigong pag-igihan.

Napakalayo ni Honey sa kanyang ama, na naging kaibigan ng lahat at tunay na naglingkod para sa kapakanan ng mga taga-Maynila.

Hinayag ng ating mga reliable sourcena tunay ngang minamataan ni Sen. Imee ang maging alcalde ng Maynila. Ito nga ba ang dahilan kung bakit binili ng senadora ang one-hectare property ni dating convicted president at ex-Manila mayor Joseph 'Erap' Estrada sa Santa Mesa para paghandaan ang 2025 mayoralty derby sa Maynila.

Sa totoo lang kung magwawagi si Imee bilang alkalde ng Maynila sa 2025, ito malaking tulong sa presidential ambition ng kanyang pinsang si House Speaker Ferdinand Martin Romualdez para madiskaril din ang pagnanais ni vice president 'Inday' Sara Duterte-Carpio para maging residente ng Malakanyang sa taong 2028.

Sa gitna ng matinding popularidad ni 'Inday' Sara, na kayang manguna sa presidential elections kung gaganapin ito ngayon, may ilang mga political operatorang nag-iisip na ang mga usapin tungkol sa pag-abuso ng kanyang kapangyarihan tulad ng pagkakaroon ng 433 mga 'bodyguard' at milyun-milyong pisong 'confidential funds' ay maaaring magpabagsak sa anak ni dating Pangulong Rodrigo Roa Duterte.

Matatandaang pinanindigan ng Office of the Vice President (OVP) ang pagkakatatag ni Inday Sara ng Vice President Security and Protection Group (VPSPG) noong Hunyo 2022 na may layuning bigyan siya ng sariling seguridad. ***(Cip D.C. Cabrera)***

# PAIGTINGIN ANG PAGPAPATROLYA SA WPS, HIRIT NG BFAR




**DILIMAN, Lungsod Quezon — Hinihiling ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) na dagdagan ng Philippine Navy (PN) at Philippine Coast Guard (PCG) ang mga barkong nagpapatrolya at nagbabantay sa West Philippine Sea (WPS) upang mapqangalagaan ang integridad ng ating teritoryo at maprotektahan na rin ang ating mga mangingisda na kadalasan ay nakakaranas ng pambu-bully ng mga Chinese na nanghihimasok sa ating exclusive economi zone (EEZ).**

Sa nakaraang pagdinig sa panukalang 2024 budget ng Department of Agriculture (DA) at mga attached agency nito, hinayag ni BFAR director Demosthenes Escoto na sa ilalim ng kanilang re-fleeting program ay humihiling sila ng tatlong bagong vessels para sa kada dalawang taon.

Ito, aniya, ang target sa ngayon para sa pagsapit ng 10 taon ay kumpleto na nila ang set ng kinakailangang patrol vessels sa WPS.

Sa pagtaya ng BFAR, ang bawat MCS patrol vessel ay nagkakahalaga ng P150 million hanggang P200 million at ang bawat vessel ay may kakayahang magsuplay ng langis at iba pang logistics tulad ng pagkain na makatutulong din sa mga mangingisda.

Bukod dito ay maaaring magamit ang mga vessel sa relief operations tuwing may kalamidad.

Suportado naman ni Senador JV Ejercito ang panukalang ito ng BFAR dahil mas dapat na nakikinabang, aniya, sa marine resources ng West Philippine Sea ay ang mga mangingisda Pinoy at hindi ang mga Chinese militia vessel.

Iminungkahi rin ni Ejercito na mabigyan ng kaunting intelligence fund ang BFAR para pambili ng vessel dahil nagagamit din ito sa pagpapatrolya sa exclusive economic zone ng bansa sa WPS.

Sinabi naman ni Senadora Cynthia Villar na nasa P50 milyon lamang ang intelligence fund na ire-realign at kukulangin ito sa halaga ng bawat maliliit na barko. ***(Ric Sakai III)***

# TUMAAS ANG EMPLOYMENT RATE NG PILIPINA S

**SAN FERNANDO, Pampanga — Sa gitna ng gumagandang kapalaran para magbunsod ito ng mas positibong paglago sa ating ekonomiya kung ihahambing sa mga nakalipas na buwan.**

Ayon sa Philippine Statistics Authority (PSA), bumaba ang unemployment rate sa 4.4 na porsyento mula sa 4.8 porsyento noong Hulyo, na mas mabab sa naitalang 5.3 porsyento noong Agosto rin ng nakaraang taon.

Katumbas ito sa 2.21 milyong walang trabaho, 60,000 mas mababa kaysa 2.27 milyon noong Hulyo at 2.68 milyon noong Agosto ng nakalipas na taon na nangangahulugan ng year-on-year drop ng 470,000 unemployed na indibiduwal.

Samantala, bumaba rin naman ang underemployment—na kumakatawan doon sa mga nangangailangan pa ng karagdagang trabaho o extra job—sa 11.7 porsyento mula sa 15.9 porsyento noong Hulyo at mas mataas noong Agosto 2022 na nagtala ng 14.7 porsyento.

Ang bilang ng mga underemployed ay katumbas ng 5.53 milyon. Ito ang mga taong nagpahiwatig ng pagnanais na magkaroon ng karagdagang trabaho o oras ng pagtatrabaho upang kumita pa ng mas Malaki kaysa sa kasulukuyang sinusuweldo.

Sumalamin ito sa pagtaas ng employment rate ng 95.6 porsyento noong Agosto mula sa 95.2 porsyento noong naunang buwan, na mas mataas sa naitalang 94.7 porsyento sa naturan ding buwan sa nakaraang taon.

Noong Agosto ng kasalukuyang taon, umabot ang bilang ng mga may trabahop sa 48.07 milyon na katapat ng 44.63 milyon noong Hulyo. Nanatili ang mga indibiduwal na may trabaho noong Agosto 2022 sa 47.87 milyon.

Tumaas ang Labor Force Participation Rate (LFPR) ng bansa noong Agosto 2023 sa 64.7 mula sa 60.1 porsyento noong Hulyo subalit mas mababa ito sa 66.1 porsyento noong Agosto 2022.

With all due respects, this indicates a 'job-well-done' by our President's labor advisers and implementors. ***(JT Leonardo C. Santos)***

# TAPAT NA PAGLILINGKOD ANG PANGAKO

**BAGONG BARRIO, Lungsod Kalookan — Nagpapasalamat po ang inyong lingkod sa aking mga ka-barangay dahil sa pagkakaloob nila ng tiwala sa ting kandidatura bilang punong barangay sa katatapos lang na halalan ng barangay at Sangguniang kabataan elections nitong nakaraang Oktubre 30, 2023.**

**Tinitiyak ko po na ang ating administrasyon sa barangay ay taos-pusong maglilingkod para sa kapakanan ng ating komunidad at mga ka-barangay at kabilang na rito ang pangangalaga ng ating ponding ilalaan para sa mga pangangailangan at pag-unlad na rin ng ating barangay**

Mabuti na ring ipinaliwanag ng Department of Interior and Local Government (DILG) na walang income classification ang mga opisyal ng barangay.

Pahayag ng DILG, mayroon lamang honorarium o allowance na ibinibigay sa mga naturang opisyal. At ayon kay DILG National Barangay Operations Office director Dennis Villaseñor, ang matatanggap na allowance ng mga opisyal ng barangay ay dedepende rin sa kanilang budget na kung saan sila maninilbihan.

Batay sa datos ng DILG, aniya, nasa P12,700 ang kalimitang natatanggap ng isang punong barangay sa Kalakhang Maynila habang P8,900 naman ang natatanggap ng isa nitong kagawad.

Sa kasalukuyan, ang Barangay 21 sa Pasay City ang may pinakamataas na natatanggap na allowance: ang Kapitan ng Brgy dito ay tumatanggap ng kabuuang P37,000.

Para sa pinakamalaki namang barangay sa bansa na Barangay Bagong Silang o Bgy. 176 sa lungsod ng Kalookan, nakakatanggap ng P25,000 ang kapitan nito habang ang mga miyembro ng sangguniang barangay ay tumatanggap ng P19,000.00. ***(Danny Singh)***


Publiko NEWS PUBLISHING

Impormasyon at Dokumentaryo

**PUBLIKO NEWS PUBLISHING is a weekly newspaper in general circulation, published evey Monday. This publication is under the management of MARK ANTHONY B. CAIÑA, the Publisher/ Editor-in-Chief.**

**This publication is duly registered under DTI No. 5190105 (National).**

**Advertising/ Sales and Editorial Office is located at 109 P. Zamora St., Brgy. 15, District II, Caloocan City, Metro Manila.**

# WASTONG NUTRISYON MAHALAGA SA KALUSUGAN — GO

**BATASAN HILLS, Lungsod Quezon — Binigyang-diin ni senador Christopher Lawrence 'Bong'Go na ang wastong nutrisyon ay isang pundamental na aspeto ng pangkalahatang kalusugan ng bawat Pilipino at lalo sa ng mga may karamdaman at gayun din ang mga nasa medical community.**

Ayon kay Go, na chairperson ng Senate committee on health and demography, "dapat nating tiyakin na ang mga may sakit at pati na ang mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan at tinatawag na mga frontliner, ay may access sa masustansyang pagkain."

Wika ng senador: "Ang importante ay may laman ang tiyan ng ating mga kababayan. Unahin natin ang kapakanan ng mga mahihirap. Sikapin nating walang magutom sa kanila." Kamakailan ay nagsagawa si Go ng iba't ibang feeding initiatives para sa mga pasyente, hospital worker at frontliner sa mga pampublikong ospital na may mga Malasakit Center upang isulong ang kahalagahan ng wastong nutrisyon para sa mga Pilipino.

"Nais kong bigyang-diin ang kahalagahan ng wastong nutrisyon sa ating mga kababayan. Alam po natin na sa pagkain tayo kumuha ng lakas, kalusugan, at proteksyon laban sa iba't ibang sakit. Kaya naman, patuloy tayong tumutulong sa mahihirap upang sikaping ang Pilipino ay may access sa sapat at masustansiyang pagkain," punto ni Go.

Naniniwala siya, aniya, na ang malusog na katawan ay isa sa mga pundasyon ng pag-unlad ng bawat pamilyang Pilipino.

Nakarating na ang feeding program ni Go sa iba't ibang ospital na may mga Malasakit Center sa buong bansa. Ang pagsasama ng nutritional support sa mga sentrong ito ay higit na nagpapatibay sa pangako niyang holistic na pangangalagang pangkalusugan ng ating pamahalaan.

"Lagi kong ipinapaalala bilang chair ng Senate committee on health na may mga aspeto ng tamang nutrisyon para mapanatili ang pangkalahatang kalusugan ng isang tao. Mahalaga ito lalo na sa mga pasyente para mas mabilis silang gumaling sa kanilang mga karamdaman, at maging sa mga nagtatrabaho sa medical community na siyang nag-aalaga sa mga pasyente," paliwanag ni Go.

Ang grupo ni Go ay nag-organisa ng feeding initiatives sa pamamagitan ng rice porridge o lugaw distribution, bukod sa iba pa, sa iba't ibang pampublikong ospital sa Kalakhang Maynila. Naabot na nila ang ilang ospital sa mga lalawigan ng Pampanga, Bulacan, Batangas, Cavite, Laguna at Rizal. Sa Visayas, maraming pasyente, manggagawa sa ospital at frontliners mula sa mga lalawigan ng Cebu, Aklan at Antique ang nakinabang din sa feeding initiative.

Sa Mindanao, nakarating din ang Team Go sa mga ospital sa Misamis Oriental, Lanao del Sur, Lanao del Norte, Bukidnon, Davao del Norte, Davao del Sur, Davao de Oro, Cotabato City, Surigao del Sur, Agusan del Norte at Sultan Kudarat.

# PURO NA LANG DAGDAG-PASAKIT

**GRACE PARK, Lungsod Kalookan — Pasakit sa sambayanan ang iba't ibang kakulangan sa ating bansa—kakulangan sa trabaho, kakulangan sa supply ng pagkain, kakulangan sa tapat na opisyal na tunay na naglilingkod sa bayan at marami pang iba.**

Kasabay nito ay ang lumalaganap namang korapsyon at katiwalian at kriminalidad at iligal na aktibidad tulad ng kalakena ng droga na nilakipan pa ng pagsamba ng ilan sa material na bagay at pera.

Kaya nga ada mga maraming mga polisiyang umiiral sa ating Lipunan ay sadyang nakatuon sa masasabing kultura ng kasakiman.

Sa totoo lang, laganap na ang kanser sa ating Lipunan at ang pangunahing sintomas nito ay ang adiksyon sa pagkakaroon ng pakinabang sa bawat kilos ng ating pang-araw-araw na pamumuhay. Ito ang dagdag-pasakit na palagiang hinaharap ng bawat Pilipino.

* * *

SIMULA nitong Nobyembre 3, isa pa ring dagdag-pasakit para sa publiko ang pinatupad na taas-singil sa toll fees sa South Luzon Expressway (SLEX) at Muntinlupa–Cavite Expressway (MCX).

Ayon sa Toll Regulatory Board na ang mga sasakyang mula sa Alabang patungo sa Calamba, Laguna ay mayroong taas singil ng mula P10 hanggang P30, depende sa kanilang mga sasakyan.

Magtataas naman ng mula P4 hanggang P10 ang mga sasakyan mula Calamba patungo sa Santo Tomas, Batangas habang mayroog taas na P1 hanggang P3 na singil sa MCX toll gates. Ang nasabing taas-singil ay naantala ng ilang buwan matapos na kuwestiyunin ng sektor ng transportasyon. ***(Willie Caliwan)***

# BILANG NG...

MULA SA PAHINA 1

Ito ay tumaas mula sa 12.5 milyon noong buwan ng Hunyo sa 13.2 milyon nitong nakaraang Setyembre.

Habang nasa 27 porsyento naman ang itinuturing ang kanilang sarili na nasa borderline o sa pagitan ng mahihirap at hindi mahihirap, at 25 porsyento naman ang itinuturing ang kanilang sarili na hindi mahirap.

Ang mga self-rated poverty ay tumaas sa Mindanao mula sa 54 sa 71 porsyento. Nasa 1.8 million pamilyang Pilipino naman ang bagong mahihirap. ***(Noel Lontoc)***

# PINOY BEER:...

MULA SA PAHINA 1

Napanalunan ng Summer Breeze Saison ng limang-taon pa lang na Elias Wicked Ales & Spirits microbrewery ang titulong bilang Country Champion Brewery sa dalawng magkasunod na taon. Nagwagi din ang Elias ng tatlong Chairman's Selection award para sa 'There She Gose' at 'Gose Busters' (sa Gose category) at Proppa Pale Ale (sa British Pale Ale category).

Nasungkit din ng Elias ang gold award para sa 'Summer Breeze Saison' (sa Saison category) nito at gayun din ang bronze award para sa kanilang 'Supperr Fruit Punch' (sa Session Fruit Beer category).

Marami nang napanalunan ang Elias sa nakalipas na mga taon subalit ang mga multiple award ngayong taon ay lubhang napakahalaga para sa kompanya, ayon kay Elias marketing consultant Cyrus Cruz.

"This is the first year that we got a gold medal and also received the Champion Beer of Asia, which is one of the most prestigious awards that a brewery in Asia can get," punto ni Cruz.

Idinagdag niya na hindi nila inaasahan sa simula ng patimpalak na magwawagi sila ng ganitong karaming parangal dahil maraming mga malalakas na brewer sa Asya na nagmumula sa Singapore, Japan, Korea at Vietnam at nayroon din silang ipinagmamalaking mahabang kasaysayan ng paggawa ng serbesa.

Naniniwala naman si Cruz na ang proseso ng fermentation ng kanilang 'Summer Breeze Saison' ang nagpaangat sa kanila laban sa ibang mga beer contender.

"People noted hints of pineapple and peach in it, but we didn't introduce these elements [into our Saison. It simply means our brewers did a great job in crafting this beer," aniya.

Ayon naman kay Raoul Masangcay, pundador at president ng Elias at isang software engineer-turned-cicerone, krinedito niya ang kanilang tagumpay sa kanilang commitment para sa constant improvement ng kanilang produkto, na nagging sus isa paglago ng kanilang microbrewery.

Pinarangalan din ni Masangcay ang kanilang brewing consultant na si Jason Matthews, na nakatulong sa pag-diversify ng kanilang kaalaman sa paggawa ng mga ng outstanding beer.

"We also made several improvements on our recipes based on the learnings from the past competitions, we studied the global trends in the F&B industry, the taste preferences of our customers, and the great flavors of our country," tinukoy nito.

# DUMALAW SA MGA AKLATAN—PAYO NI DRA. HONEY

**SANTO DOMINGO, Quezon City – Hinihikayat ni Manila mayor Honey Lacuna ang mga magulang na kumbinsihin ang kanilang mga anak na bisitahin ang mga pampublikong aklatan dahil mayroon pa ring makikita at mababasa sa mga aklat o libro na hindi matatagpuan sa internet.**

Kamakailan ay pinagdiwang ng Manila City Library (MCL) sa pamumuno ng direktor nitong si Mylene Villanueva ang ika-77 taong anibersaryo ng aklatan at dito hinayag ng alkalde ang halaga ng mga institusyong tula nito sa pagpapandayng edukasyon at karunungan sa mga kabataan.

Ani Lacuna, "Para sa mga hindi nakakaalam, marami tayong mga library. Pilit nating pinatataas ang antas ng serbisyo na ibinibigay ng ating mga library, kung kaya't dumarami po ang ating mga kliyente, mula bata hanggang matanda. Ngayon kasi digital generation na, karamihan ng pagri-research ay ginagawa na lang sa loob ng tahanan at ito ay sa tulong ng internet. Pero hindi pa rin matutumbasan ang pagbubukas ng aklat.

Natatandaan ko na minsang naikuwento sa akin ng aking ama na noong bata pa siya, naging paboritong tambayan niya ang aklatan sa kanyang eskuwelahan sa San Beda College sa Mendiola. Dito, sabi niya, nagagawa niyang maglakbay sa iba't ibang panigng ng mundo at gayun din sa iba't ibang panahon sa pamamagitan ng kanyang imahinasyon habang nagbabasa ng isang aklat.

Ayon naman kay Lacuna, marami pang mapupulot na aral kapag nakasanayan ang pagbabasa at mas nahahasa ang kaalaman ng isang indibiduwal sa maraming bagay sa mundo.

Sabi pa ng alkalde, hindi lahat ng nababasa sa Google ay pawang katotohanan dahil kadalasan, kulang-kulang ang impormasyon dito kaya hinihikayat niya ang lahat na dumalaw sa library para masiyahan sa pagbabasa.

Nabatid na ang MCL ay tumanggap pala ng iba't-ibang pagkilala mila sa pamahalaang nasyonal nitong mga nakaraang taon. Napag-alaman pa na ang total library services na naibigay na ng MCL sa publiko ay umabot na ng 156,856.

Inulat naman ni Villanueva sa alkalde na ang nasabing bilang ay sumasakop sa buwan ng January hanggang September, ito ay sa kabila na ang limang branches ng library ay hindi nago-operate dahil under rehabilitation.

Ayon kay Villanueva ang MCL ay nakapagrehistro ng kabuuang 61,269 library user.

Ang mga gumagamit naman ng computers ng library at wifi ay umabot sa 15,099, ang mga nanghiram naman ng libro ay 21,762. Samantala ang mga batang napagsilbihan ay 47,891 habang 425 naman ang seniors. Nabisita din ng MCL ang 167 barangays at 11 paaralan. ***(Karin Ceara Cabrera-Sakai)***

# LISTAHAN NG MGA PATAY

*Nobody trusts anyone in authority today. It is one of the main features of our age. Wherever you look, there are lying politicians, crooked bankers, corrupt police officers, cheating journalists and double-dealing media barons, sinister children's entertainers, rotten and greedy energy companies, and out-of-control security services.*

**— English documentary filmmaker Adam Curtis**

MAYPAJO, Lungsod Kalookan — Nitong nakaraang Barangay at Sangguniang Kabataan Elections (BSKE), muntikan nang hindi makaboto ang misis ko dahil nawala ang pangalan niya sa listahan ng presinto na kung saan dati na siyang bumoboto sa nakaraang apat o limang halalan.

Mabuti na lang at naitanong naming muli sa mga kinauukulan kung tunay ngang na-delist ang pangalan niya dahil may mga nagsabing nagkaroon ng kaunting kaguluhan kaya mayroong mga hindi makakaboto sa simpleng dahilan na naalis sila sa listahan ng mga botante

Noong una, biniro ko pa ang misis kong si Heidi at sinabing baka napabilang siya sa listahan ng mga yumaong botante kaya nabura na ang kanyang pangalan. Tawanan ang mga mokong sa eskuwelahan nang marinig ang biro ko.

Subalit tunay ngang may posibilidad na nangyayari ito—mga botanteng nawalan ng karapatan dahil inakalalang patay na sila o dili kaya'y inalis sa listahan sa sari-saring dahilan na Diyos lang nakakaalam.

At paano naman yaong mga bumoboto kahit tunay ngang kinuha na sila ng Maykapal?

Hindi nga ba't ang halalan ay labanan ng bilang kaya patay man o buhay, mahalaga na mabiling ang botong ibinigay sa isang kandidato!

At lalo pang lumawig ang pagdududa natin sa mga kaganapang ganito. Hindi ng aba napabalitang nananatili pa sa database ng Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth) ang mga pangalan ng mahigit apat na milyong Pilipino na dating miyembro ng PhilHealth ngunit namatay na?

Ayon kay PhilHealth president at chief-executive-officer Emmanuel Ledesma Jr., isa ito sa mga nananatiling problema ng ating pangunahing state health insurer. Kaya nga nakikipagugnayan na pamunuan ng PhilHealth sa Department of Information and Communications Technology (DICT) upang mabigyan ng solusyon ang naturang problema, kasabay ng pagnanais na malinis ang database nito. Kaya nga nagtatanong po kami kung natitiyak ba ng Commission on Elections (Comelec) na ang kanilang list of voters ay malinis at hindi katulad ng sa listahan ng mga miyembro o benepisaryo PhilHealth? Sana nga'y pinangangalagaan ng Comelec na ang ating halalan ay magiging malinis, tapat at walang bahid ng dayaan. ***(Tracy Cabrera)***

# CZECH REPUBLIC HANDANG TUMULONG SA 'PINAS SA AGRIKULTURA AT DEPENSA

**MALAKANYAN, Maynila — Magpapadala ang Czech Republic ng mga trade mission sa Pilipinas sa susunod na taon para sa posibleng pakikipagtambalan kaugnay ng depensa militar at agrikultura.**

Ayon kay Czech Republic Ambassador to the Philippines Karel Hejč, inoorganisa na ngayon ang mga pagdalaw sa ating bansa kung saan inaasahang darating sa Maynila ang ilang mga high-ranking government official at business delegation mula sa kanilang bansa.

"The opportunities are here. We just need to grab them and I'm pleased to mention that just in the next year, we will start here with the visit of the foreign committee of our parliament on so much important defense and security issues of the regional geopolitics," punto ni Hejč nang mag-courtesy call kay Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr.

"But later on in the year, we plan on bringing our Minister of Agriculture to Manila and to the Philippines where we want to—naturally, our ministers travel accompanied with business delegations. So, carefully selected companies that are interested in doing business with the Philippines, with the Filipino companies, and investing in the Philippines," dagdag ng ambassador.

Tinukoy nito ang magandang geographic position ng Czech Republic sa Europa at bahagi nito sa mga nakalipas na regional conflict at pinahalagahan ang kanilang nagawang pagpapalawig at pag-develop ng kanilang defense at security industry para hirangin silang isa sa mga producer ng pinakamahuhusay na war equipment, armas at ammunition sa buong mundo.

Sa larangan naman ng agrikultura, tinukoy rin ni Hejčna simula sa maliliit na traktorang ginagamit sa pagsasaka, ang kanilang bansa ay gumagawa rin ng mga fighter jet, eroplano at iba pang kagamitan na siyang nagpalakas sa defense manufacturing sector ng Czech Republic nilang flagship industry.

Bukod sa pag-produce ng mga war material, hinayag pa ng Czech Republic envoy na maaari din nilang ilatag sa kooperasyon para sa mga training exercise, maintenance at upgrading.

"There is a lot. We certainly don't have the time for all that now but as Manila will be hosting a huge fair in September next year, I will be very happy to invite you to come to see the presentation of the selected manufacturers that will be represented in that fair," aniya.

"And, if you will have some time during your visit in the Czech Republic, it will be also a pleasure to show you some of the industries that are interested in working with your Armed Forces, with your Coast Guard, et cetera, et cetera," sabi pa nito.

Bilang tugon, pinaalam ni Pangulong Marcos Jr. kay Hejč na ang prayoridad ng Pilipinas ay ang pagpapaunlad ng agrikultura at kasama dito ang iba pang mga sektor at industriya na makakapagpabilis sa pag-unlad ng ating bansa, partikular na sa larangan ng ekonomiya.

"Defense and security is also a major thrust for (the Philippines), considering a very thorny regional problem that (our) country is facing. Your country has already been of assistance to us in proposing some vessels that we could use for the securing of our maritime waters, our maritime territory. And as you must know that this is becoming a very thorny problem that we are facing," nilinaw ng punong ehekutibo. ***(Ed Dayot)***

VOL.I NO.14 * NOBYEMBRE 13-19, 2023

Publiko iNEWS PUBLISHING

**PUBLIKO NEWS PUBLISHING IS A WEEKLY NEWSPAPER IN GENERAL CIRCULATION, PUBLISHED EVERY MONDAY.**

PUBLIKO NEWS PUBLISHING accepts contributions from anyone who may want to share their opinions, stories, experiences and other interesting matters.

All articles submitted to PUBLIKO NEWS PUBLISHING are those of author's opinions and do not constitute our endorsement nor reflect the views of the Publisher. Email us at publiko.news@gmail.com

PUBLIKO NEWS PUBLISHING does not warrant or assume any expressed therein by the authors, writers or contributors. All articles are subject to editing to comply with the editorial policies and directions of this publication.

Materials here may not be reproduced, copied in any form of by any means without written permission from the Publisher.

The opinions and ideas expressed by the writers or contributors do not reflect the opinion of this publication and its management.


# 17-M MOTORSIKLO HINDI REHISTRADO, AYON SA LTO

**CAMP AGUINALDO, Quezon City — Sa kabila ng datos na malaking porsyento ng mga aksidente sa kalsada ay kinasasangkutan ng mga motorsiklo, napagalaman mula sa Land Transportation Office (LTO) na mahigit sa 17 milyon ang hindi rehistrado sa nasabing mga sasakyan.**

Ito ang hinayag ni LTO assistant secretary Vigor Mendoza at sinabi pa na doble pa ang bilang ng mga hindi rehistradong motorsiklo kumpara sa mga rehistrado na nasa 8.5 milyon lang.

Ayon kay Mendoza, karamihan sa mga hindi pa rehistradong motorsiklo ay nasa National Capital Region (NCR), Region III at Region IV.

Paliwanag naman ng LTO chief, maraming nagmamay-ari ng mga motorsiklo ang nakalimutan mag-renew ng kanilang registration o nabigong magpalipat ng ownership matapos na makabili ng sasakyan kaya ganito kalaki ang biloang ng mga hindi rehistradong motorsiklo.




Batay sa datos ng LTO, noong 2003 ay nasa 38 milyong mga four-wheeled vehicle at motorsiklo ang bumibiyahe sa mga kalsada sa buong bansa subalit tanging nasa 13.9 milyon lang sa mga ito ang nakarehistro.

Nabigo kasi, aniya, ang mga may-ari ng mga motorsiklo na makapagparehistro lalo na kung sila ay nasa 3- hanggang 5-year plan. ***(Noel Lontoc)***

# SA KABILA NG 2 KNOCKDOWN, PINOY NAGWAGI BY TKO

**BANGKOK, Thailand —Dalawang beses mang pinabagsak ng kanyang kalabang nagmula sa Russia, hindi natinag ang ating mixed martial arts fighter na si Mark Abelardo para bumawi at mapagwagian ang katunggali sa ONE Friday Fights 38 sa Lumpinee Boxing Stadium sa Bangkok, Thailand.**

Isang spinning back kick sa ulo na pinakawalan ni Georgy Shakhruramazanov ang nagpatumba kay Abelardo sa unang round ng kanilang laban ngunit nakabangon agad siya at natapos ang unang round.

Sa sumunod na ronda, ginamit muli ng mas matangkad na si Georgy ang paikot na sipa at tinamaan na naman si Abelardo at natumba.




Agad namang nakatayo ang Pinoy at doon na bumira ng husto.

Isang kaliwang hook ang pinakawalan niya na tumama sa baba ni Georgy at sa pagbagsak ng Russo, umatake na si Abelardo at nagpaulan ng suntok.

Dahil sa tindi ng mga tama, hininto ng referee ang laban may 19 segundo pa ang natitira sa ikalawang ronda.

Naitala ni Abelardo ang ika-22 niyang panalo sa 32 laban sa ONE bantamweight category.

Ikalawang talo naman ang dinanas ni Shakhruramazanov sa 19 laban.

"I underestimated that spinning back kick I got. I thought I'd be able to avoid it but he caught me twice, but it will take more than that to beat me," pahayag ni Abelardo sa ring matapos ang laban. ***(Noel Lontoc)***

## *Wika ng Diyos*

**Kaniyang inilatag ang ulap na pinakakubong; at apoy upang magbigay liwanag sa gabi, Sila'y nagsihingi, at dinalhan niya ng mga pugo, at binusog niya sila ng pagkain na mula sa langit. Kaniyang ibinuka ang bato at binukalan ng tubig; nagsiagos sa tuyong mga dako na parang ilog.**

**– Mga Awit 105:39-41**


# JENNICA GARCIA MAY MALALIM NA HUGOT

**MAYROONG payo ang aktres at television host na si Jennica Garcia para sa mga iniwan ng kanilang partners kasabay nang pag-amin na may malalim siyang pinaghuhugutan ukol sa usaping ito.**

Naging viral kasi ang naging pahayag ni Jennica tungkol sa pagiging single na ipinalabas kamakailan sa variety show na 'It's Your Lucky Day'.

"Iba ang pakiramdam kapag nasanay ka na sa buhay mo na may kasama, then all of a sudden, magigising ka, 'Ako nalang pala.' Sa mga biglang naiwan o nagulat na nagising mag-isa, huwag kayong mag-alala season lang 'yan," wika ng aktres.

"Darating ang panahon na sasabihin niyo, 'Ay, kaya ko naman pala," dagdag pa nito.



Marami namang mga netizens ang naka-relate sa pinunto ni Jennica.

Kailan lang ay nag-viral ang naging love life update niya sa kanyang program ana kung saan inamin niya rin ang tungkol sa Koreano na nakakausap niya habang nag-shoot-ing sa South Korea para sa pelikulang pinagbibidahan ng comedienne-actress na si Melai Cantiveros.

Nabanggit ni Jennica na nagulat siya dahil sa mga Koreano siya mabenta kaysa sa mga Afam. Pero sa kasawiang-palad, hindi raw natuloy ang kanilang relasyon dahil hirap silang magkaintindihan dahil na rin sa 'language barrier' o magkaibang lingguwahe. ***(Gen Pedrozo)***

# HALAGA NG SPORTS DEVELOPMENT PROGRAM

**MAYPAJO, Caloocan City — Sa pagnanais na mapalawig pa ang larangan ng palakasan sa babnsa, inatasan ni Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. ang Philippine Sports Commission (PSC) na palawigin pa ang pagpapatupad nito ng kanilang Sports Development Plan para mapangalagaan ang world-class standing ng ating mga atleta.**

layunin ng planong ito na matugunan ang matagal ng isyu ukol sa ating mga atleta sa pamamagitan paghimok sa kanilang lumahok sa lahat ng antas ng pamahalaan at pribadong sektor, siguruhin ang suporta para sa kanila at mga national sports association (NSA) at palaguhin ang partisipasyon sa larangan ng palakasan sa lahat ng antas.

Sa pagtukoy sa Magandang performance sa katatapos lang na ika-19 na Asian Games sa Hangzhou, China, nilinaw ng punong ehekutibo na nilikha ang sports development plan ng PSC para isulong ang kooperasyon sa pagitan ng gobyerno at pribadong mga grupo at indibiduwal na sumusuporta sa ating mga pamabnsang atleta at mga NSA.Nakaangkla ang limang-taong plano sa Six Policy Directions ng PSCna sports governance, sports promotion at awareness, sports accessibility, high-performance sports, sports infrastructure at support at mga sports linkage.

Aton kay Pangulong Marcos, na upang magtagumpay ang ating mga atleta, kailangang maibigay sa kanila ang lahat ng tulong upang magwagi sila sa mga kompetsiyon na kanilang lahukan kung kaya todo ang suporta ng pamahalaan sa kanila., tulad ng pagtatag ng New Clark City sa Pampanga bilang pangunahing sports hub ng bansa at pagpapalakas ng mga partnership ng PSC sa ibang mga ahensya ng pamahalaan gaya ng Philippine Amusement and Gaming Corporation (Pagcor).

Inaasahang magagamit ng ating mga atleta at yaong nagsasanay para kumatawan sa bansa sa international sports ang mga training facility sa New Clark City Athletics Stadium at Aquatics Center ng walang bayad.

At para sa mga atletang nagtamo ng kapansanan habang nagsasanay o nasa kompetsiyon, inatasan din ng Pangulo ang PSC na makipagtulungan sa Pagcor at iba pang mga ahensya para mapalakas ang ating Medical Scientific Athlete Services unit. ***(Heidi Nicodemus)***

**Ang pahayagang ito ay tumatanggap ng mga Pampublikong Anunsiyo, maari lamang mag-email sa publiko.news@gmail.com**